

## SUMASAIYO

Tumakas ako at nagpakalayo-layo. Sa Cordillera. Sa Mindanao. Naligaw sa Timog-Silangang Asya. Naglaho sa Amerika. Nagpabalik-balik sa Africa. Sa Pagudpud, Ilocor Sur, bago pa pumutok ang araw, nasa dalampasigan na ang mga naghihintay na ale, nakatalungko at naghuhuntahan, may mga dalang timba at batya. Kinulit ko sila. Saan po kayo ipinanganak? Paano po binago ng panahon ang kinalakihan niyong lugar? Paano ito pinatag? Saan kayo lumikas? Natatandaan niyo pa po ba ang pangalan ng lolo't lola niyo? Saan po ba nagsimula lahat?

May nahalungkat akong mga baptismal records sa katedral ng Santa Maria. Itinuro sa akin sa likod ng altar, sa isang kabinet doon. Kinain na ng mga insekto. Kapag inangat mo ang papel napupulbos. Ang ilan ay 1700s pa. Sa kamposanto naman ng Cuyapo, Nueva Ecija, ay nagtabas ako ng talahib sa mga masukal na puntod hanggang lumitaw sa lupa ang mga lapidang binasag na ng panahon. Wala akong makitang pangalan o petsa. Basta, sabi sa akin, doon daw nakalibing si Ingkong Mateo.

Naghalungkat ang mga kamag-anak ko ng mga lumang liham at nakatagong photo album. Limang makakapal na binder folder din ng mga sulat ang naipon ko. May retrato pa si Papa noong bata siya. Napuyat ako sa Internet at nag-long distance sa mga taong hindi naman ako kilala. “Ano ’ika mo? Paano kita naging apo?” Naisip ko, siguro kung mapagtatagni ko lahat ito—ang kuwento ng aking pinagmulan—siguro puwede ko nang ilugar ang sarili ko sa tama.

Kinakabahan na ako ngayon pag may nakakalimutan akong petsa o pangalan. Mabuti na lang na-upload ko na ang family tree namin online. Madaling-araw pa rin ako nagigising. Kape sa kusina. Nakatingin sa wala. Binabagabag ng mga kuwentong hindi nailigpit, ng mga

nakamatayang lihim, ng mga kalansay na hindi na nakita kung nasaan ang bungo. Baka hanggang dito na lang ang matutunton ko. Baka panahon na para tuklasin ko naman ang maaaring ibahagi ng agham.

Dumarami na ang mga kumpanyang nag-aalok ng genetic analysis. Sa halagang one hundred dollars, pag-aaralan nila ang iyong DNA, aalamin ang iyong mga sinaunang ninuno, at tutuntunin ang kaugnayan mo sa iba't ibang mga lahi. Padadalhan ka ng maliit na plastic vial na kailangang punuin mo ng iyong laway at isauli sa kanila. Daan-daang libong tao mula sa iba't ibang panig ng daigdig ang nagpadala ng saliva sample. Hindi na rin matatawaran ang naging pakinabang natin sa teknolohiyang ito upang silipin ang ating nakaraan sa kasalukuyan. Dagdag pa rito ang lumad sa iba't ibang lupain. Dahil nanatili sila sa lugar nila ng libo-libong taon, nagsilbing genetic marker ang kanilang mga DNA. Taga-Sorsogon ka halimbawa. Paano kung matuklasan mong nasa DNA mo pala ang isang barely traceable link na nag-uugnay sa angkan niyo sa mga katutubong Sami ng Finland o San ng Botswana? Ilalatag nito ang panahon sa paanan mo: ang mile-milenyong paglalakbay ng iyong mga ninuno, mga lupang tinahak, ang mga kagimbal-gimbal na alon at lindol. Ang diwa mo ay sinakop ng paulit-ulit nilang paglisan at pananatili. Isipin mo. Silang mga nalahiing henerasyon, mga libo-libong sanggol na hinele, silang mga naratay at mga ingkong at impo na inilibing, mula sa una at huling hininga ng mga yumao, ng mga nagpitiwakal, pinatay ng walang pangalan, silang mga nawawala, kasama ang lahat ng mga pangkaraniwan at mga pambihirang buhay nila—paanong nangyari na ang paglalakbay nila ay humantong sa kung sino ka man ngayon?

Paglipas ng isang buwan, nakatanggap ako ng email mula sa lab. Nakapost na raw sa website ang genetic admixture ko: 97.2% na halong Southeast Asian at Native American; 2.2% na European (kaunting Northern European ngunit mas Iberian—ang mga prayle at Kastilang

pinatapon sa Mexico!); 0.2% South Asian (maaring ang mga sinaunang tao na nilisan ang Africa at binaybay ang South Asia); at meron din akong 0.4% na hindi matukoy kung saan galing.

Sa mga ninuno ng aking ama, natunton ang pinagmulan ng aming dugo sa mga katutubo sa Taiwan; sa aking ina naman ay ang mga katutubong Daic mula sa Southern China. Marami raw sa mga Pilipino ang may ganitong halo. Ngunit mas lalong kamangha-mangha nang malaman kong ang linya ng aking ina ay bumabalik pa sa mga katutubong Buryat ng Siberia. Siberia! Makapanindig-balahibong paglalakbay. Isang epikong bumabalik ang wakas sa simula ang naghatid sa akin sa Pilipinas.

Neanderthal, 2.9%.

Ayon pa sa report, mayroon akong mga DNA relatives na matatagpuan ko malapit lang sa aming bahay. Hindi binanggit ang mga pangalan, pero puwede raw akong mag-email. Desisyon na raw ng mga malayong kaanak ko kung sasagutin nila iyon o hindi. Hindi rin sinabi ang exact address. Siyam sila at ang isa ay video editor. Nagsanga ang mga angkan namin sa isang ninuno.

May notification din akong natanggap mula sa isang malayong kamag-anak na taga-Maynila, isang lalaking nagmamasters sa Instructional Technology. Hindi rin kami magkakilala. Ayon sa kanyang DNA report, may 20.5% na posibilidad na magkaroon siya ng abnormal heart rhythm. Nagsulatan kami. Mabuti naman at wala pala siyang sakit sa puso (o wala pa). 50% ng chromosomes sa aming mga mata ay magkapareho.

Nakita rin sa aking DNA na marami akong malayong kamag-anak sa Mexico. May ilang lugar kung saan ayon sa mga naninirahan, Pilipino daw ang mga ninuno nila. Malamang mula sa panahon ng mga galyon—mga mandaragat, mangangalakal, at aliping nakatakas, nakipagsapalaran sa Mexico at nanatili roon at nagpakarami. Alam kong marami akong kamag-

anak sa ibang bansa, ngunit hindi ko inasahan na mayroon din pala sa Chile, Denmark, Israel, Scotland, at Cuba.

Para ulit akong nasa archives. Sa halip na mga dokumento at inaanay na manuskrito, ang pinag-aaralan ko namang intindihin ngayon ay mga data markers, graphs, at scientific papers.

Pinasok ko ang mga online discussion groups.

“Meron bang r1b1b2a1 diyan?”

“Ako, T2aia!”

“May schizophrenia kuya ko.”

Naging kontrobersiyal ang mga report. Lalo na lahat ng may kinalaman sa kalusugan at karamdaman na kalauna’y ipinagbawal ipaalam sa publiko. Hindi naman daw lahat gustong malaman na may 75% chance na magkaka-breast cancer sila. May nagsabi ring kailangan pa ng masinsinang pag-aaral ang mga sakit. Masyadong delikado pag napasakamay ang mga impormasyon na ito sa mga hindi lubos na nauunawaan ang implikasyon nang nababasa nila. Dawit na rito ang genetic profiling—na maaaring gamitin sa iba’t ibang uri ng diskriminasyon. Nag-isip tuloy ako. Gusto ko ba talagang malaman kung namana ko ang sakit ni Papa?

39 siya noong 1989 nang mapansin niyang nahihirapan siyang lumulon. Akala niya noong una sipon lang. Nagtaka siya kung bakit hindi siya gumagaling. Nagpunta sila ni Mama sa kaibigan nilang si Dr. Martin na may inirekomendang espesyalista sa lalamunan sa Maynila. Ilang linggo rin siyang na-confine sa UST Hospital para mapag-aralang mabuti. Igalaw raw niya ang dila niya at idiin sa loob ng magkabilang pisngi. Walang tiyaga si Papa sa mga paulit-ulit na pinagagawa sa kanya kaya umuwi na lang sila agad. Pagkalipas ng ilang araw ay dumalaw si Dr. Martin sa bahay. Tumawag daw sa kanya ang mga doktor sa Maynila. ALS daw ang sakit ni Papa—amyotrophic lateral sclerosis o Lou Gehrig’s Disease, isang sakit na walang lunas.

Kung minsan talaga malas mo na lang. Nasa lahi ni Andre Agassi ang pagiging kalbo. Si Tutankhamen naman, cleft palate ang namana; si Charles Darwin, lactose intolerance. Alam mo kung ano ang pinakamalungkot? Kapag daw lahat sa pamilya ay magkakamukha. Sabi ni George iyan.

Isa sa mga pinakaunang paternity tests sa panitikan ay mababasa sa Greek mythology. Kuwento ito ni Hermes (kilala ring Merkuryo), may pakpak ang sandalyas, tagapaghatid ng balita, gabay ng manlalakbay, sinasamba ng mga nagbabagong anyo, ng mga nagbabagong buhay, ng lahat ng nasa loob natin na papalit-palit at palipat-lipat. Isang araw ay hinarap si Hermes ng isang nilalang na kalahating tao at kalahating hayop. Nagpakilala itong anak niya, si Pan. “Paano kita naging anak?” tanong ni Hermes na nakataas pa ang isang kilay. “Tignan mo nga ’yang sungay mo. Pango ka na nga, kapal pa ng balbas mo. At may paa at buntot ka pa ng kambing!”

Pinaalala ni Pan kung sino ang kanyang ina. Sinabi rin niya kay Hermes na huwag itong mag-alala. “Hindi ko po kayo ipapahiya . . .” Binanggit niyang mahusay siyang tumugtog ng pito. Inisa-isa niya sa ama ang mga kakayahan niya, ang mga nalagpasan niyang pagsubok. Gusto niyang matanggap ng ama. At gusto rin niyang maging tapat. Sinabi niyang may madalas siyang kasama—si Bacchus, ang diyos ng mga alak.

“May asawa ka na ba?” tanong ni Hermes.

Umiling si Pan. Lumapit si Hermes sa kanya at yinakap ang anak. Isa lang ang hiling ng ama sa anak. Kung puwede lang, huwag daw siyang tawaging ama at mahirap na, “baka may makarinig pa.”

BAGO PA LANG KAMING MAGKAKILALA ni Jack nang magbakasyon siya sa Italy at Ireland, ang mga bansang pinagmulan ng kanyang mga ninuno. Tulad ko, passion project din niya ang family history. Maraming taon na rin ang nailaan niya para sa kanyang aklat at digital project na *Who We Were When Were Other People*. Ang kasaysayan naman ng aking angkan ay tinawag ko sa wikang Ilokano, ang wika ng aking mga ninuno, na *Lasag ken Dara* o Laman at Dugo.

Nagkakilala lang kami ni Jack sa San Francisco noong 2008. Agad naming nalaman na pareho pala kami ng hilig sa family history, genealogy, at genetics. Para sa amin, ang tanong na “Sino ba ako?” ay kasinghalaga ng tanong na “Sino ba tayo para sa isa’t isa?” Pareho rin kaming panganay na nagpakalayo-layo sa aming pamilya upang makipagsapalaran sa ibang lugar. May edad na kami nang magkakilala. 41 ako, 45 siya.

Sa Utah kami nag-winter noong unang taon kami naging magnobyoy. Umakyat kami ni Jack sa isang gulod. Tinanaw namin ang puting katahimikan na tumaklob sa mga bubungan at kalsada. Lumatag ito hanggang sa dulo ng abot-tanaw. Bumisita kami sa headquarters ng mga Mormons sa Salt Lake City upang tingnan ang koleksyon nila ng genealogical records. Global ang scope nito pero kaunti lang ang nakita namin. Nakatago kasi karamihan. Kailangan pang mag-file ng request. Hindi ko maubos maisip ang gabundok na dokumentong nakalap ng mga Mormons sa napakahabang panahon. Literal ang ibig kong sabihin ng gabundok dahil talagang naghukay sila sa bundok, 183 metro ang lalim. Nakabaon dito ang isang higanteng vault na puno ng mga birth at death records mula pa sa iba’t-ibang panig ng daigdig—three billion pages. Kontrobersiyal ito dahil ang tunay na layunin ng mga Mormons ay mailigtas ang mga kaluluwa ng yumao. Binibinyagan nila ang patay para kahit sa kabilang buhay ay ma-convert ito at maging Mormon. Taliwas man ito sa aming personal na paniniwala, batid namin ang di matatawarang

halaga ng mga dokumentong ito, lalo na para sa mga amateur genealogists na tulad namin ni Jack.

Nakarating na rin kami sa mga kinalakihang bayan ng bawat isa—sa Carbondale, Pennsylvania at San Jose, Nueva Ecija. Makulay at buhay na buhay ang mga pinagdaanan ng angkan namin hindi lamang sa alaala kundi sa aming kaalaman at imahinasyon. Maliwanag sa aming mag-asawa na hindi sa amin nagtatapos lahat. Hindi destinasyon ang buhay namin. At hindi rin kamatayan ang hantungan. Pagkapanganak pa lang sa atin ay binubulungan na tayo ng mga anghel: walang papanaw na walang iiwan.

“Anything surprising?” tanong ko kay Jack nang matanggap niya ang results ng kanyang DNA analysis. Wala naman daw. Siguro raw iyong 17% na Turkey; at 2% na Afghanistan. Nagbakasali rin daw siya na baka kahit gapatak na African DNA ay mayroon siya. Galing kasi ang mga ninuno niya sa Southern Italy, malapit sa Africa. Kaso wala. Wala talagang lumabas sa admixture. Baka daw meron, pero hindi naipasa. Ganoon naman daw talaga. Roll of dice pa rin.

Patay na ang ilaw. Nakahiga na kami sa kama, nagpapaantok. “Privileged,” buntong-hininga ni Jack. “We’re privileged.” Dama ko ang bigat ng salitang binitawan niya. Tama siya. Hindi lahat may pera at kakayahan na magbuhos ng mahabang panahon para maging family historian o amateur genealogist. Sabihin nating may pera at oras ka, hindi pa rin ganoon kadali kung wala kang dikit sa itaas. Lahat ng nakalap naming kuwento, datos, at kaalaman ay nagmula sa isang sistemang hawak ng mga timawa sa kapangyarihan. Kadalasan ang mga dokumentong naisasalba ay para sa mga maykaya lamang at ang mga nasa paligid nila. Iyon lang kasi ang naitatala. Mas madaling mabura ang mga mahihirap, ang mga itinuring na salot, ang mga lubhang kakaiba. Silang mga pangalang hindi nailista, walang kapanganakan at walang kamatayan, sila ang mga walang patunay na naging tao, tila mga manok sa madaling araw, kahig

nang kahig, naghahanap ng sariling kuwento. At kung naitala man sila, ang impormasyong ito ay hawak ng isang sistemang itinalaga upang mapanatili ang status quo. May computer ba sila? Pamasaha para pumunta sa city library? Paano kung walang laman ang kanilang tiyan? Kung ang katawan nila ay inaabuso na at ang mga anak ay isa-isa nang namamatay? Pinapatay?

Dahil dito, tungkulin nating mamulat at maging sensitibo sa iba't ibang paraan kung paano natin *nalalamangan* ang isa't isa. Hindi lang sa sistematikong paraan, kundi maging sa ating indibidwal na kamalayan. Ano ang alam natin sa kapangyarihan ng bawat isa na maniil at manlupig sa kasaysayan o danas ng iba? Ano ba ang pananagutan natin sa mga putol na kuwento ng isa't-isa? Bakit nagbibitak ang lupa pag naglalapat ang mga kuwento mo sa kuwento niya at sa kuwento ko? Paano ba maging maingat sa pag-alala ng mga alaala upang maging mas makahulugan ito at akma sa anumang panahon?

NAGPUNTA KAMI NI JACK SA CITY HALL, isang designated landmark sa San Francisco at tourist attraction. Naitayo ang puti at gintong edipisyo nito noong 1916, Beaux-Artes style. Ang simboryo nito ay isa sa pinakamataas at pinakamalaki sa buong mundo, isang dome na nalapatan ng 23.5 karat na gold leaf.

Engrande ang bulwagan na bubungad sa iyo sa loob. Puting-puti. May rotonda sa gitna, parang entablado. Paakyat ito sa imperial grand staircase, marmol, apatnapu't limang grandiyosong baitang. Pagtingala mo ay matatanaw mo na ang nakakalulang loob ng simboryo, napapalamutian ng mga inukit na dahlia, ang opisyal na bulaklak ng San Francisco. May colonnade din sa taas, naliligiran ng matatayog na columns at matted arched windows. Dumeretso kami sa Room 128 kung saan hinarap kami ng isang dalagang staff. May apat na tanong siya: Okay lang daw ba na gawing public information ang aming kasal? OPO. Magpapalit



ba kayo ng apelyido? HINDI PO. Ikakasal ba kayo sa loob ng 90 days? OPO, SA JULY 19.

At ang huli: Dito ba kayo magpapakasal sa City Hall? HINDI PO. SA IBANG LUGAR.

Binigyan kami ng form para kumpletuhin. Sa ilalim ng dalawang guhit kung saan isusulat namin ang aming pangalan ay may nakatatak na “GROOM” at “GROOM”. Bumulong sa akin si Jack.

Balang-araw, sabi niya, pag kalansay na lang tayo, merong titingin sa dokumentong ito.

Pagkatapos naming kumpletuhin ang form ay bumalik kami sa tanggapan. Hinarap ulit kami ng dalaga. Itaas daw namin ang aming kanang kamay para sumumpa. Medyo nagulat ako. *May sumpaan talaga?* Napansin ko na lang na parang bumigat ang kamay ko habang itinataas ko ito. Nang tinanong kami kung sumusumpa ba kami, parang may nagbara sa lalamunan ko.

Tuluyan nang nabasag ang boses ko nang bitawan ko ang mga salitang, “Opo, sumusumpa po ako.” Akala ko kasi mga sumpaang forever na. Hindi ako prepared! Haha. Nakakataranta pala iyon. Pero mali pala ako. Sumpaang lang pala na pawang katotohanan ang isinulat namin sa form. Pero naramdaman ko talaga ang bigat habang tinataas ko ang aking kanang kamay. Inangat ko rin kasi lahat ng mga buhay na naapektuhan, ang mga nagprotesta at nakipaglaban, ang mga nabigo, pinatay, at nagtagumpay para marating namin ang sandaling iyon.

Limang taon na kaming nagsasama nang mapag-usapan namin ang kasal. Alam naming sagrado ito, isang panglipunang institusyon na sandigan ng marami. Hindi ko ito pinangarap noong lumalaki ako (kahit pa ilang beses naging trahe de boda ang mga kumot namin). Kahit noong dumating ang panahon na sigurado na ako na iba ako sa mga batang lalaki, at alam ko na ang tawag sa tulad ko, hindi ko nakita ang sarili ko bilang bride o groom. Ang kasal ay hindi para sa mga bakla. Hindi ko ito kinuwestiyon. Nilinaw rin ito ni Jack sa mga panauhin noong kasal namin. May ilang bisita kaming hindi naniniwala sa kasal. Iyong iba straight. Iyong iba kasama namin sa LGBTQ community. Kahit gay o straight wedding pa raw iyan, basta hindi sila

naniniwala sa kasal—period. Batid namin ni Jack na ang kasal ay hindi para sa lahat. Ngunit sa sinumang may nais nito, sa kung ano mang dahilan, legal o personal, hindi ito dapat ipinagkakait ng batas.

Mistulang halong kalamay na nagsalo-salo ang mga bisita namin sa kasal. Magkakaiba man ang kanilang relihiyon at pulitika na ipinaglalaman, malinaw naman sa kanila kung bakit sila naroroon. Hindi naman sila dumalo dahil sa prinsipyo. Naroroon sila dahil sila ay mga tapat na kaibigan, mga mahal sa buhay na taos-pusong nagagalak na natagpuan namin ni Jack sa isa't isa ang kabiyak ng aming puso. Nakipagdiwang silang mga kabagang dahil may mga bagay sa buhay na mas maaliwalas at mas nakahihigit sa buhol-buhol na pagkakasalungat nating lahat.

2014 kami ikinasal sa Chez Poulet, isang maliit na two-storey building, dating postcard factory, itinayo pagkatapos ng lindol noong 1906. Isa na itong paupahan na event hall. Mababasa mo sa harapan ang sign: San Francisco Institute of Possibility. Si Mama ang sumagot sa floral arrangement, mga balumbon ng orchids—violet, green, and white blooms. Ang father naman ni Jack ang na-deputize ng city hall na mag-officiate ng wedding ceremony. Oo, biyenan ko ang nagkasal sa amin.

Nakaupo na sa ibaba ang 100 wedding guests. Nasa itaas naman kami ni Jack, nakatanghod sa balkon. May cue ang pagbaba namin sa hagdan. Tinatanaw namin ang platform sa ibaba kung saan gaganapin ang seremonya. May nakabitin na bronze candle chandelier sa taas nito na sinlaki ng isang tricycle.

Nakakataba ng puso na pinaunlakan ng ilang Bay Area artists ang imbitasyon namin. Nagsimula ang programa sa isang makapigil-hiningang pagtatanghal ng aerialist na si Miriam Telles. Tuwang-tuwa ang mga bata. Nakatingala ang lahat habang mahigpit na nakakapit si Miriam sa nakabiting trapeze. Hawak niya ang aming puso nang bigla na lang siyang bumitiw at

pumailanlang sa himpapawid. Ganito ang magmahal—kung minsan tumutulay sa alambre, kung minsan sirkerá, paulit-ulit at nagpapapalit-palit pero sa huli’y pare-pareho din ang kailangang gawin ng mangingibig: balansehin, iitsa, sapuhin... iitsa, sapuhin, balansehin... sapuhin, balansehin, iitsa... Ang huling talon ni Telles at paglapag sa sahig ang senyas upang mamulaklak ang mga tarangkahan.

Ang processional song ay inawit ni Leon Palad, premyadong tenor sa San Francisco na nakabughaw na barong-tagalog ng hapon na iyon. Pinag-aralan niya ang song sheet na binigay ko na hiningi ko pa sa soprang si Josephine Roces sa Canada. Tugma sa matayog na tinig ni Leon ang kundimang *Ang Pagibig Mo*, isang komposisyon ni Resty Umali at isinulat ng Pambansang Alagad ng Sining na si Levi Celerio. Hawak-kamay kaming bumaba ni Jack sa hagdan, naka-Edwardian morning tuxedo kami, na katulad rin ng isinuot ng father ni Jack noong Dekada 60 sa sarili niyang kasal.

Sa puso ko’y ikaw na lang ang laging mamahalin

Sa dusa mo ngayong taglay sa buhay

Ang nais ko’y ako na lang ang siyang mahirapan

Pagkatapos ng seremonya ay pumagitna sa harap namin si Gabriel Angelo, isang 15-year-old street musician na madalas kong nakikita downtown na nagpe-perform. Tumugtog na rin siya sa harap ni Ellen at Obama. Pauwi na ako mula sa isang last full show sa cineplex at naglalakad papunta sa bus station nang makita ko si Gabriel sa ilalim ng traffic light. Nagpe-perform siya mag-isa. Walang nanonood. Walang kalaman-laman ang kalsada. “Hey,” tanong ko sa kanya, “do you do weddings?” “Sure,” sabi niya, message ko na lang daw siya sa FB. Tuwang-tuwa ako

noong kasal nang hipan niya ang trumpeta pagkatapos ng cute na kiss namin ni Jack. Tumugtog siya ng jazz at nag-tap dance.

Binasbasan din kami ng sayaw ni Antoine Hunter, isang deaf ballet dancer na minsan kong kinunan ng portrait. Tahimik lahat. Walang background music. Naging pakpak ang katawan niya, naging alon, naging pusong tumitibok. Nang lumapit sa aming dalawa ni Jack ang aming mga ina at pinerdiblehan ang lapel namin ng orchids ay bumaha na ang luha. Cue music: *My Mom* ni Tony Bennett. Sila ang first dance—dalawang panganay na binabantayog ang kanilang matiising ina.

Ang pinili naming kanta para sa aming unang slow dance ay *Book of Love*, isinulat ni Stephen Merritt—Peter Gabriel version. Natatawang nag-sorry si Jack sa mga guests. Hindi kami nag-practice, sabi niya. Mukha kaming posteng gumigewang-gewang. “Tingnan mo,” bulong ni Jack sa akin, “umiiyak ’yung DJ natin.” Nasa likod siya ng turntable. Ang ganda niya, parang batang Jennifer Garner na maraming tattoo. Pinahid niya ang luha at nginitian kami. Ang “Aklat ng Pag-ibig” daw, ayon sa mga titik ni Merritt, ay “mahaba at nakakabagot/ matagal nang naisulat/ at may mga bahaging lahat ay kayang lagpasan/ at may mga bahaging pawang kahangalan lamang.”

TUMAYO SA HARAP SI LYNN, ANG BUNSONG KAPATID NI JACK. Ang kahulugan daw ng salitang “We” o “Kami” sa kanilang pamilya ay patuloy na nagbabago. Sixty years ago, sabi niya, kapag sinabi mong “Kami,” ang ibig sabihin nito ay magulang, kapatid, at kamag-anak. Ngunit kung babalik ka sa mas nakaraan pa, isandaang taon halimbawa, kabilang sa “Kami” ang mas malaking angkan ng kanilang ama: mga Irish na nagbanat ng buto mula pagkabata hanggang pagtanda, nagbuwis ng buhay sa pagmimina ng uling, at pinasok ang kung ano-anong trabaho sa

mga istasyon at riles ng tren. Mula rin sa working class ang mother's side nila: mga migranteng galing sa tatlong baryo sa Southern Italy na tumawid sa ibayong dagat upang makipagsapalaran sa South Philadelphia. Patuloy raw na nagbabago ang kahulugan ng salitang "Kami" sa pagdaan ng panahon. Ang kahulugan nito noon ay iba na sa ibig sabihin nito ngayon. Patuloy itong binabago ng sinumang kinakalinga at pinapapasok natin sa ating puso.

Sa aking partido, binasa naman ng aming bunsong lalaki ang speech niya sa iPhone: "Kinailangan naming tumawid ng dagat upang malaman kung sino kami. Sa loob ng libo-libong taon, ang kapuluan ng Pilipinas ay naging mahalagang hantungan ng iba't ibang kultura at sibilisasyon. Ilokano ang mga ninuno namin, tubong San Esteban at Santa Maria, Ilocos Sur. Nangisda sila at nagsaka sa makitid na lupang nakapagitna sa baybaying dagat sa kanluran at mga bulubundukin naman sa silangan, lahing nagpakatatag sa daan-daang taong pananakop ng mga dayuhan. Nang magapi ang mga Kastila at humalili ang mga Amerikano, dalawang pamilya sa Ilocos ang lumikas at nakarating sa magubat na parang ng Gitnang Luzon, isang pook sa hilagang Nueva Ecija na dinadaluyan ng higanteng ilog. Hinawan nila ito at sa kapatagang iyon ay patuloy silang sumagupa sa panahon. Nagpapalit-palit ang mga kapangyarihang nananakop. Sa gitna ng digmaan, kalayaan, diktadura, at rebolusyon ay tumitigil sila paminsan-minsan upang tumanaw sa ibayo. Doon sa malayong tumana na hindi na nila mararating. Ang pamilya ng aking ama ay pumasok sa politika at nanilbihan hanggang maging ganap na lungsod ang bayan ng San Jose. Ang pamilya naman ng aking ina ay lumisan at nakipagsapalaran sa Amerika. Kami ang mga apo, ang bunga at tadhana ng dalawang pamilyang ito, ang mga nangibang-bayan at ang mga nanatili sa sariling bayan. Sa pag-iisang dibdib ng aming mga kuya ay patuloy kaming aasa ng isang mundong mas makatarungan para sa susunod na henerasyon, isang mundo kung saan lahat ay malaya, malusog, at tunay na magkakapantay."

Nagsalo ang lahat sa handaan: Italian wedding soup, vegetarian pansit, adobong manok, Berkshire pork lumpia, langka, mangga, pakwan, at strawberry shortcake. May panghimagas din na halong Italian at Pilipino—cannoli na ang palaman ay ube.

Madalas akong tanungin kung sino raw ba ang nag-propose. Sorry pero walang nag-propose. Walang down-on-one-knee “Will you marry me?” moment. Never naming pinag-usapan. Tadtad na kami sa taga ng panahon nang magkakilala. May mga kaibigan na kaming senior citizens. Marami sa kanila may mga kasama na sa buhay. Mayroon ding sadyang pinili ang pag-iisa. May mga nabiyuda at nabiyudo. May mga nag-asawa ulit. May mga hindi na nag-asawa. Pero sino nga ba ang makapagsasabi kung sino ang malungkot at sino ang maligaya? Kung totoo man na mayroong ganap na kaligayahan, malamang napakarami nitong mukha.

ANG ARAW NG KASAL NAMIN AY ISA RING PAGGUNITA. July 19 din ang petsa nang malaman ni Jack ang karamdamang namana niya sa kanyang ina. Type 1 diabetes. Trese lang si Jack nang ma-diagnose siya. Halos apat na dekada na rin siyang nakikipagbuno sa sakit na ito.

Kung minsan naiisip ko pa rin ang sakit ni Papa.

Higit sampung taon nang wala si Papa nang sumulat sa akin si Mama. Nagtatrabaho na ako sa Bangkok noon. Nakatanggap ako ng isang makapal na sobre. Twenty back-to-back pages, typewritten, single-spaced. Nakadetalye roon ang sagot sa mga tanong ko, kung ano ba talaga ang nangyari kay Papa noong mga huling araw niya.

Ikinuwento ni Mama nang unang ipasok ang feeding tube sa ilong ni Papa. Nagpumiglas daw ito at binulyawan ang mga nars na hindi siya inutil, kaya niyang lumulon. Hayun, pinabayaan. Kinahapunan ay nakaramdam siya ng matinding uhaw kaya kumuha siya ng isang

kutsarang tubig at isinubo ito. Nagulat siya nang lumabas ito sa ilong niya. Siya na mismo ang tumawag sa nars at nagmakaawang ipasok na ang rubber tube sa ilong niya.

Ako ang nagbukas ng pinto sa bahay nang umuwi sila. Hindi ko nakilala ang taong nakatayo sa harap ko. Hindi ko malaman kung papapasukin ko. Nakilala ko na lang siya nang pandilatan niya ako. Nakakatakot ang pagbagsak ng katawan ni Papa. Pero mas lalo akong kinilabutan nang mapansin kong suot niya ang dark, long-sleeved printed na polo ko. Napakurap ako. Nakita ko ang sarili ko sa harap ko. Iyon ang totoong dahilan kung bakit hindi ako nakakilos.

Mas naging mainitin ang ulo ni Papa. Tuluyan nang namatay ang mga nerves sa lalamunan niya kaya hindi na namin siya maintindihan magsalita. Si Mama ang madalas niyang mapagbuntunan ng galit kaya gumamit na sila ng writing pad para maisulat ni Papa roon ang gusto niyang sabihin. Nang lumaon ay kinailangang lagyan na ng permanenteng tube sa lalamunan si Papa. Nahirapan silang ipasok ito sa bibig niya. Nanlalaban kasi si Papa dahil hindi siya makahinga. Kung saan-saan tuloy naliligaw ang tube. Napupunta na sa baga. Noon nila naisipang butasan na lang ang tagiliran niya.

Ang payo ni Dr. Martin ay pumunta na sila sa Amerika. Si Papa naman nag-alala kaagad sa gastos. Paano daw ang mga bata? May hawak siyang plastik na tabo sa ilalim ng kanyang baba, pangsalok sa walang tigil na pagtulo ng laway. Kahit saan siya magpunta, kahit nagsisimba, dala niya palagi ang tabo. Sandaling panahon lang ay hindi na niya maitingala ang kanyang ulo. Nakalaylay na lang ito. Kailangan na niyang hawakan ang panga at alalayan. Napansin rin namin na tuluyan nang namatay ang facial muscles niya. Bumagsak ito. Parang maluwang na rubber mask na nakasabit sa kanyang bungo. Isang araw natagpuan na lang siya ni

Mama sa loob ng kamalig. Nakaupo sa isang sulok at umiiyak. Inalalayan siya ni Mama at itinayo. Noon nahawakan ni Mama ang baril na nakasukbit sa pantalon ni Papa.

Nang gabing iyon, nakita niyang itinago ni Papa ang baril sa ilalim ng unan. Tumayo si Papa at nagpunta sa banyo. Sinamantala ni Mama ang pagkakataon. Kinuha niya ang baril at talilis na tumawag kay Dr. Martin. Pinayuhan siya ni Dr. Martin na itago ang baril at kung ano man ang mangyari’y tumawag kaagad. Bumalik siya sa kuwarto at naabutan niyang kinakapa ni Papa ang ilalim ng unan. Nagwala ito nang hindi makita ang hinahanap. Hinalughog lahat ng kabinet at aparador. Tumakbo si Mama sa labas at tinawagan si Dr. Martin na kaagad namang dumating. Pagpasok nila sa kuwarto ay kalmado na si Papa. Nasa akin ang baril, sabi ni Dr. Martin. Huwag daw mag-alala si Papa at iingatan niya ito. Binanggit uli niya ang pagpunta sa Amerika. “Mas maaalagaan ka nila doon,” sabi niya. Ang sagot ni Papa ay mauubos daw lahat ng naipundar nila. “Mamamatay rin naman ako,” sabi niya. Ang sabi ni Mama ay maaari naman silang magsimula muli.

Nang gabing iyon ay tinawagan ni Mama ang mga kapatid niya sa Amerika. Hindi siya maintindihan dahil wala siyang tigil sa pag-iyak sa telepono. “May sakit ang asawa ko. Kailangan namin siyang dalhin sa Amerika.” Hindi pala ganoon kadali. Tatlong beses na-deny ang kanilang medical visa dahil may pending petition si Mama mula sa kanyang magulang na matagal na sa Amerika. Iniisip siguro ng embassy na para-paraan lang ang medical visa para sa Amerika na sila manirahan. Nabigyan lang sila ng visa nang tumayong guarantor ang isang congressman na malapit sa pamilya namin. Kailangan nila ng maraming baon na pera kaya nagbenta sila ng mga ari-arian at gamit. Pati sasakyan ibinenta. Wala halos natira. Pati baril at bala, ubos. Lupang sakahin lang ang iniwan. Natatandaan ko ang araw nang makuha nila ang medical visa. Gabi na silang nakarating mula sa Maynila. Nakaupo kaming magkakapatid sa sofa



at nasa gitna namin si Papa. Binasa namin ang isinulat niya sa writing pad. Sa November 6 daw ang alis. May dinagdag siya. “Hindi ko kayo inabandona.” Pagkatapos ay tinipon niya kaming magkakapatid sa isang mahigpit na yakap hanggang sa tuluyan nang gumuho sa loob namin ang isang damdamin na hindi namin alam ay nandoon pala.

MAY ITINANONG SA AKIN ANG PINSAN KO noong kasal namin ni Jack. Naiisip ko raw ba kung ano ang sasabihin ng aking ama kung sakaling nabubuhay ito? Hindi nangungunsensiya ang tanong niya. Kung kilala mo si Papa at nakita mo ang panahon at lugar na kinalakihan niya ay magtataka ka rin. Balikan mo siya sa probinsiya noong 1967 at daratnan mo siyang kagagraduate lang ng high school, isang batang ama. Isinangla niya ang singsing nila sa kasal para ipambayad sa ospital. Mangyari’y isinilang ang kanyang panganay na napakaliit, kulang sa buwan, at namemeligro. Pasko pa naman. At kung sasabihin mo sa kanya na balang-araw ang Junior niya ay ikakasal sa Amerika sa isang puti at lalaki rin—hindi niya mailalarawan sa isip ang sinabi mo. Walang mabubuo.

Sabi ko na lang sa pinsan ko, hindi ko naiisip. Ibig kong sabihin, hindi ko na kailangang isipin iyon. Mahirap ipaliwanag ngunit naniniwala akong nasa dugo ko na si Papa, bahagi ng masalimuot kong pagkatao.

Itinuring na outpatient si Papa sa Washington State. Nakituloy sila sa mga kapatid niya. Isang gabi, nagising si Mama at naabutan niya si Papa na nakatanghod sa may bintana. May isinulat ito sa writing pad at ipinabasa kay Mama. “Tignan mo lahat ng bubong. Puro snow. At ang kalsada, puting-puti.”

“Naghanda kami para sa birthday niya,” kuwento ni Mama sa sulat. “Yung cake mayroon pang maliit na bahay-kubo at puno ng niyog. Sumulat sa inyo ang Papa niyo at sinabing

bumubuti na ang pakiramdam niya. Hindi iyon totoo. Lalo siyang lumalala. Ayaw nang pumikit ng mga mata niya. Pag naabutan ko siya sa gabi na nakaupo sa harap ng bintana, hindi ko na malaman kung gising pa siya o tulog na. Hindi na ako halos natutulog dahil kailangan ko siyang bantayan. Pagod na pagod ako. Para na akong masisiraan ng bait. Isang araw hindi ko na nakayanan. Bigla na lang akong nagsisigaw na gusto ko nang umuwi. Paulit-ulit 'yun. Gusto ko nang umuwi! Uuwi na ko!!! May isinulat ang Papa mo. Lakasan ko raw ang loob ko. Kailangan daw niya ako.”

Pag may schedule sila sa ospital, ipinapatawag ng mga doktor ang mga medical students. “Tignan niyo,” sasabihin ng doktor sa kanyang klase na nakapaligid kay Papa. “Noong isang linggo naitataas pa ng pasyente ang kanyang kaliwang braso’t kamay.” Iaangat ito ng doktor na parang gulay at maingat na ibababa. Mabilis kumalat ang sakit sa buong katawan ni Papa bagama’t nanatiling matalas ang isip niya.

Nagdaan ang maraming buwan. Kalauna’y lumipat sila sa Hawaii, sa pamilya ni Mama. Nagtulong-tulong silang lahat. Isang araw ay ibinalita sa kanila ng doktor na tuluyang na-paralyze na raw ang diaphragm ni Papa. Kailangan na ng tracheotomy. Bubutasan ang kanyang wind pipe at doon na siya hihinga. Maselan ang procedure dahil sa kanyang kondisyon. Tinanong siya kung sang-ayon siyang kabitan ng life support kung sakaling ma-coma siya. Hindi na raw kailangan. Ipinabasa ng mga doktor kay Mama ang pinirmahang statement ni Papa at itinanong kung meron pa siyang gustong idagdag. Gusto na naming umuwi, sabi ni Mama. Gusto na naming makita ang mga anak namin.

Pinroblema nila ang pamasaha. Kinailangang okupahin ni Papa ang isang hilera ng mga upuan sa eroplano. Tatlong hilera pala ang babayaran. Kailangang bakantehin din ang upuan sa harap at likod niya. Sa pinakadulo sila. May ikakabit daw na kurtina para hindi siya makita ng

ibang pasahero at baka may magreklamo. Kailangan nilang bayaran lahat ng upuan na iyon. Ilan iyon? Siyam? Saan sila kukuha ng pera? Isang umaga ay may dumating na pari at binigyan siya ng tseke. Nag-raise daw ito ng funds nang mabalitaan ang nangyari kay Papa. Para kay Mama isa itong himala. Ni hindi nagpakilala ang pari. Basta isang umaga kumatok na lang, binigay ang tseke, at umalis. Hanggang ngayon iniisip pa rin niya kung sino ang paring iyon.

Bago sila sumakay ng eroplano ay pinapirma si Papa ng waiver na hindi siya sagutin ng airline pag may nangyari. Nakatulog naman siya nang mahimbing sa biyahe. Lumapag ang eroplano sa Ninoy Aquino International Airport. Hindi masiguro ni Mama kung tulog pa rin o gising na si Papa. Para kasing laging nakatingin sa wala ang mata ni Papa. Parang wala na siya roon. Umilaw ang sign na puwede nang tanggalin ang seatbelt. Sinubukan ni Mama na gisingin si Papa. “Nandito na tayo,” sabi niya. Hindi raw ito sumagot. Nagtayuan na ang mga pasahero kaya sinubukan niya ulit itong yugyugin. “Oying,” sabi niya. “Gumising ka na. Nandito na tayo. Hinihintay na tayo ng mga bata.”

Kasama ako sa sumundo sa airport, dala ang ambulansiya na maghahatid sa amin sa probinsiya. Sumama rin ang aking tiyahin, lola, mga kaibigan ni Papa, at bunso kong kapatid na lalaki. Nakatanggap kami ng tawag na pinaakyat na ang ambulansiya sa arrival area.

Napakaraming tao nang umagang iyon. Siksikan ang mga naghahatid sa arrival area. Natatandaan ko pa ang suot ko—denim jacket at puting T-shirt na may nakasulat na 100% PINOY. Pinauna kong bumaba ng ambulansiya ang aking lola at tiyahin. Madali silang nawala sa dami ng tao. Pagbaba ko ay nakita ko ang ilang flight attendant sa likod ng mga tao, may hawak na karatula ng pangalan ko. Sinubukan kong sumingit para lapitan sila subalit hindi ko na nagawa. May sumigaw nang malakas. Kinilabutan ako. Paglingon ko, nakita ko ang lola ko na tila babagsak at yakap-yakap ng aking tiyahin. Nakapaligid sa kanila ang iba pang flight

attendant na may hawak na two-way radio. Ipinaderetso na nila ang ambulansiya sa tarmac. May narinig akong sinabi ang isang flight attendant pero hindi ko na maalala kung paano ang pagkakasabi. Parang nang sandaling iyon, binura ko kaagad ang narinig ko. Ang natatandaan ko lang ay nanlamig ako at may tumatawag sa pangalan ko.

PAGKALIBING KAY PAPA AY NILISAN KO ANG PILIPINAS. Nagtrabaho ako sa Thailand. Pagkatapos ng masraming taon, nagbakasyon ako sa Pilipinas. Dinalaw ko ang isa sa mga malapit na kaibigan ni Papa. “Mahigpit sa iyo ang Papa mo,” sabi niya. “Grabeng bagsik! Minsan ko lang nakitang umiyak. Dumating dito isang gabi. May nilukot na sulat. Galing sa iyo. Naglayas ka noon, natatandaan mo? Ang bata-bata mo pa. Hindi niya maintindihan kung saan ka natutong magsulat ng ganoon. Masakit daw basahin. Nasaktan siya. Umiiyak talaga. Pero natatandaan ko rin bigla siyang bumawi. Putang ina, sabi ng Papa mo, ang galing sumulat ng batang iyon. Nasaktan siya pero proud siya sa iyo.”

Sa ibang bansa na ako nanirahan. Madalas akong umuwi noong una. Minsan nakausap ko si Mang Guding, isang kasama namin sa bukid. Nilapitan daw siya ng magulang ko bago sila nagpunta sa Amerika. Ang sabi ni Mang Guding, may kilala raw siyang faith healer. Ang gamot daw sa sakit ng Papa ko ay isang ritwal. Kailangang manghuli sila ng asong gala. Kailangang sugatan ang paa nito ng isang maliit na hiwa. Pag dumaloy na ang dugo ay pakakawalan ito. Iiwan daw ng masamang espiritu ang maysakit at susundan nito ang patak ng dugo. Sabi rin niya, hindi daw gagaling si Papa hangga’t hindi nakakauwi ang sugatang aso.

10% ng ALS ay namamana.

Sa kanyang aklat na *Inheritance*, ipinaliwanag ni Dr. Sharon Moalem kung bakit mahalaga sa mga geneticists na pag-aralan ang mga pambihirang sakit—mas bihira, mas lalong

kailangang bigyan ng pansin. Isa raw itong paalala na walang katulad ang bawat isa sa atin. Pinagbubuklod tayo ng ating pagkakawangis at pinagpapala ng ating pagkakaiba-iba. Sa panahon ng ligalig, mahalagang isapuso't diwa ito.

Ayon kay Christine Kinneally, may akda ng *The Invisible History of the Human Race*, hindi matatawaran ang dami ng natuklasan ng mga scientists sa genetics nitong mga huling taon. Ang hirap subaybayan. Paiba-iba pa ang maririnig mo. Ganoon pa man, may mga kaalamang noong simula't simula pa ay naging batayan na ng mga sumunod na pag-aaral. Hindi ito nagbabago. Tulad ng ideya na ang genomes ang ating human barcodes. Dito nakasalalay ang ating pinakatiyak na pagkakakilanlan bilang isang indibidwal, nag-iisa at katangi-tangi. "You are so shockingly, so powerfully, so undeniably you . . ." sabi ni Kinneally, na kahit saan ka magpunta, may maiiwan at maiiwan ka para matunton ng iba—hibla ng buhok, laway, natuyong dugo na maglalantad na ikaw iyon at wala nang iba.

Wala kang kawangis at wala akong katulad. Ibig sabihin kahit ipray-over mo ako, tratuhing salot, ibilanggo, bugbugin, tadtarin nang pinong-pino, ipadoktor, itakwil, siraan, itapon sa ibang bayan, tanggapin at mahalina nang buo at tapat—ako pa rin ang magiging ako at ikaw pa rin ang magiging ikaw. Dahil hindi lang ako kaapu-apuhan ng mga ninuno kong katutubo at mandaragat, ako rin ay sumang total ng mga naipon kong genetic responses sa buong buhay ko.

Maraming nangyayari sa loob ng katawan natin na hindi natin namamalayan.

1984. Gabi. Maalinsangan. Walang kuryente. Fourth year high school ako. Dinalaw ko ang Calculus teacher ko sa loob ng Central Luzon State University. Nakaupo kami sa veranda ng apartment niya, sa ilalim ng punong tsampaka. "I'm gay," sabi ko. Ni hindi ko magamit ang salitang "bakla." Sa akin kasi parang synonymous iyon sa "ikinahihiya." Hindi maganda ang nararamdaman ko. Parang gusto kong mawala. Ayokong makita ako. Ayokong makita KO ako.

Noon, marinig ko lang ang salitang “bakla,” kahit nababanggit lang ng matatanda sa usapan, ninenerbiyos na ako. Oh God, nagdarasal na ako, ibahin na sana ang topic! Araw-araw kong sinasanay na huwag huminga. Pakiramdam ko pag hindi ako humihinga ay hindi ako mapapansin. Lumiit ako nang lumiit hanggang hindi ko na makita ang sarili ko. I’m gay. Napakaraming buhay ang naapektuhan ng sandaling iyon ng pagtatapat. Maging sa mga isisilang pa lamang, hardwired na sa kanila ang danas ko.

Pinalaki ako sa poot at takot, tumandang kinikimkim ang galit at pinaparusahan ang sarili. Paano nga ba kung matuklasan mo na ang kinatatakutan at kinamumuhian mong amo ay wala na palang kapangyarihan? Bagsak na. Kung gugustuhin mo, puwede mo nang tadyakan. Talupan ng buhay. Ipinatawag niya ako nang araw na malaman niya kung ano ang sakit niya. Naabutan ko siyang nakahiga sa kuwarto. Nakatayo lang ako sa pinto. Hindi kasi ako pinalaki na maging malapit sa kanya. Hangga’t maaari, hindi niya ako dapat nakikita. Ninenerbiyos talaga ako tuwing pinapatawag ako. Ni hindi ako sanay tumingin sa kanya pag kinakausap ako. Nakayuko lang ako na nakatayo sa may pinto, naghihintay ng sasabihin niya. Kinilabutan ako nang magsalita siya. Sino ito? Bakit parang nagsasalita sa ilalim ng tubig? “Walang gamot ang sakit ko,” sabi niya. “Magrorosaryo ako gabi-gabi at magsisimba. Sumama ka.”

Nakayuko pa rin ako nang sumagot. “Opo.” Mahina ang pagkakasabi ko. Para ngang wala. Parang pinabilog ko lang ang nguso ko. Hindi ako sigurado kung may sound na lumabas o kung narinig niya ako. Wala na siyang sinabi kaya lumabas na ako at maingat na isinara ang pinto.

MULA PA NOONG BATA AKO palagi nang naroroon si Papa sa lahat ng isinusulat ko. Kahit hindi naman tungkol sa kanya, pakiramdam ko naroon siya sa mga salita, sumisilip sa

likod ng bawat talata. Totoo siguro iyong nabasa ko noon na kung susumahin, isang kuwento lang naman daw ang isinusulat natin. Hindi ko pa rin alam kung namana ko ang genetic mutation na naging dahilan ng sakit ni Papa. Ayoko nang problemahin. Marami na rin naman akong napagnilayan sa isinulat ko. Marami na ring nabuksan—mga sugat na mas nangangailangan ng agarang lunas.

Silipin mo sa microscope ang pakpak ng tutubi, ang pilikmata ng sanggol, at patak ng ulan. Mamamangha ka sa walang katapusang kaayusan. Sari-saring patterns! Ang buhay at mundo natin ay binubuo ng maliliit na sandaling paulit-ulit. Nakaugalian, nakasanayan, naipasa. Pagmamalupit. Pag-alsa. Paghilom. Sa ganitong paraan natin binabasag ang mga bintana ng tama at mali. Ang pagkabasag ng windshield sa kotse ay nagsisimula sa isang maliit na bitak. Mula rito ay gagapang ang lamat na parang maliliit na sanga, kakalat at pupunuin ang buong salamin hanggang ito ay mabasag. Ganyan ang kapangyarihan ng diwa at damdamin. May isang Indian scientist na pinag-aralan kung gaano kabilis nababasag ang windshield. “The breaking of a glass occurs at time scales we cannot even fathom,” sabi niya. Sobrang bilis. Ngunit kung sisilipin mo raw ang isang maliit na bahagi ng windshield sa microscope habang ito ay nababasag, ang makikita mo ay mga umaangat na bulubundukin, mga humihingang taluktok at bangin, mga lupaing nililindol at nagbitak-bitak. Naisip ko ang mga bilyon-bilyong taon na kinailangan upang malikha ang mga lawa at dagat-dagatan. Ang pinakamatandang single cell organism ay natagpuan sa Greenland, 3.8 billion years old. Di ko maubos-maisip lahat ng mutations na nangyari sa mga organismo sa ating planeta na saklaw ng panahong iyan. Ngunit nangyari lahat. Lahat ng maliliit at paulit-ulit na pagbabago ay naganap para ako ay maging ako at ikaw ay maging ikaw.

Ito ang ating pinakamahiwaga at di matutumbasang pamana: umaalimpuyong 23 chromosomes, 3 billion base pairs. Tatlong bilyong pamana. May ilang naipapamana sa mga supling, may ilan ding nilalaban. Nangyayari ito nang walang humpay at wala tayong kamalay-malay, sa isang masalimuot na paraan na ngayon pa lang naiintindihan ng agham. Nagbabago ang DNA mo habang nagpo-post ka ng Facebook status, nagsasampay ng kumot, o habang binabasa mo ang sanaysay na ito. Ang genes natin ay hindi nag-iisip kung alin ang tama at mali. Sabi nga ni Haruki Murakami sa nobela niyang *IQ84*, ang genes daw ay mga sisidlan, wala itong judgment, wapakels sa ating lungkot at ligaya.

Tayo ay isang proseso, isang pagpapatuloy ng buhay. Maraming bagay ang nakakaapekto sa prosesong ito. Tulad ng desisyon natin kung saan maninirahan at kung paano tayo mabubuhay. Pinahihina at pinatitibay tayo ng mga bumabalisa sa atin sa hatinggabi. Ng ating almusal kanina sa palaisdaan. Habang sinusulat ko ito, ang mga genes natin, chromosomes, at cells ay di mapakali, galaw nang galaw, kibot nang kibot—mga planeta at bulalakaw na pumapaimbulog at bumubulusok sa loob ng katawan natin. Nasa loob natin ang sansinukob, may nilalabanang karamdaman sa panahon ng anihan, hinahagilap ang isang lumalabong alaala sa gitna ng trapiko, tinutupok ng inggit at sitsit sa ibang bayan. Tumatakas sa barko, naliliwanagan habang tinitiklop ang lampin at kalawakan, humihingi ng tawad at nagpapatawad.

May sinundan akong patak ng dugo sa tanghaling tapat. Hinatid ako nito sa isang pagtitipon. Naroon lahat ng mga inilibing, nabubuhay, at isisilang pa lamang. Ang mga San ng Botswana! Ang mga lumad! Pati iyong mga natabunan ng lupa sa Benguet nandoon. Maayos na silang lahat. Pare-pareho ng suot. Itim na hoodie at jogging pants. Red sneakers. Pinagpapawisan sila. Parang napakalayo ng tinakbo nila. Hinihinal. Tapos isa-isa silang lumapit sa akin, bukas-palad na nag-alay ng pira-pirasong sarili at nagsasabing, heto ako, pakaingatan mo.



XXX